Ang benefits ng maagang referral

Ang maagang referral, ang identification, at ang intervention sa mga kahirapan sa pananalita at wika ay mahalaga upang optimal na matuto ang isang bata; ito rin ay mainam para sa kanyang social development, at emotional health. Ang kakayahang magsalita nang maaga at magkaroon ng kakayahan sa wika ay malakas na predictor ng kahusayan sa paaralan sa darating na panahon.

Paggawa ng referral para sa mga batang hindi pa pumapasok sa paaralan

Ang mga referral ay maaaring gawin sa pamamagitan ng Public Health para sa mga bata mula kapanganakan hanggang 5-taong-gulang.

Ang sinomang magulang ay maaaring gumawa ng referral sa pamamagitan ng pagkontak sa kanilang local health unit. Ang preschool teachers at mga propesyonal sa kalusugan ay makapagbibigay ng referral kapag may pahintulot mula sa magulang.

Drop-in Referral Clinics

Kung hindi sigurado ang mga magulang kung kinakailangan ang referral, mayroon kaming Drop-in Referral Clinics sa ilan sa aming mga health unit kung saan maaari kang makipagkonsulta sa isang Speech Language Pathologist. Matitiyak ng isang maikling 5 hanggang 10 minutong screening kung kailangang i-refer ang iyong anak sa programa.

Saan hahanap ng karagdagang impormasyon

Mahahanap mo ang sumusunod na impormasyon sa fraserhealth.ca website.

- Speech and Language Program Referral Form
- Mga petsa at oras ng Drop-in Referral Clinic
- Paano kokontakin ang Health Unit

Upang diretsong magpunta sa pages ng Speech and Language Program, gamitin ang shortcut link na ito:

goo.gl/reSfVf

www.fraserhealth.ca

Ang impormasyon na ito ay hindi kapalit ng payo na ibinigay sa iyo ng iyong healthcare provider.

Catalogue # 265780 (February 2018) Filipino
To order: patienteduc.fraserhealth.ca

Filipino

Ang Speech at Language Program ng Public Health

Public Health Speech & Language Program



Laura Strickland/MyCuteGraphics.com

Patnubay sa Referral

Referral Guide

fraserhealth

Kapanganakan – 12 buwan

- Binibigkas ang "ooh" at "ah".
- Tumitingin sa iyong mata, ngumingiti, at tumatawa.
- Ginagaya ang mga tunog ng pananalita.
- Nagsasabi ng "buhbuhbuh" at "dada".
- Sa 12 buwan-gulang, ang isang salita ay parang isang 'pangungusap'.

Mag-refer kung ang iyong anak ay. . .

– hindi sumusubok na makipag-usap
– parang hindi tumutugon sa tunog o iba pang abala

Isa hanggang Dalawang Taon

- Gumagamit ng isa hanggang tatlong 'pangungusap' at mga prase nang mayroon o walang mga gawa-gawang salita.
- May ilang mga salita sa bokabularyo sa 16 buwang-gulang hanggang sa mga 200 salita pagdating ng 24 buwang-gulang.
- Naiintindihan ang mga simpleng tanong, halimbawa "nasaan ang iyong bibig?"
- Gumagawa ng mga tunog gamit ang mga labi, tulad ng ***p***, ***b***, ***m*** at ***w***.

Mag-refer kung ang iyong anak ay. . .

– may limitadong bokabularyo
– hindi man nagsasalita
***Mahalagang-mahalagang mag-refer ngayon*

Dalawa – Tatlong Taong-Gulang

- Gumagamit ng mga 'di-kompletong pangungusap na binubuo ng dalawa hanggang tatlong salita.
- Mga 1000 salita ang bokabularyo pagdating ng 3 taong-gulang.
- Nagsisimulang magkaroon ng maiikling pakikipag-usap sa adults at mga kasing-edad.
- Sumusunod sa mga 2-hakbang na direksyon.
- Pagdating ng 3 taong-gulang, ang pananalita ay mga 80% malinaw.
- Nauunawaan ang mga karaniwang ginagamit na mga salita.

Mag-refer kung ang iyong anak ay . . .

– medyo nabibigo kapag sinusubukan niyang makipagkomunika
– hindi naiintindihan
– hindi gumagawa ng kombinasyon ng mga salita
– nagsasalita nang pautal-utal (stuttering), halimbawa, inuulit-ulit ang mga salita o mga tunog

Laura Strickland/MyCuteGraphics.com

Tatlo – Apat na Taong-Gulang

- Gumagamit ng mga simpleng pangungusap na binubuo ng tatlo at apat na salita.
- Maraming itinatanong.
- Nakakapagkunwari sa paglalaro at role playing.
- Maaaring hindi nabibigkas nang tama ang lahat ng mga tunog.

Mag-refer kung ang iyong anak ay. . .

– hindi naiintindihan
– patuloy na gumagamit ng maiikli at simpleng prase, halimbawa "daddy go"
– hindi nakakasunod sa mga direksyon

Apat – Limang Taong-Gulang

- Nagkukuwento ng mga simpleng istorya.
- Ang pananalita ay halos 100% na nauunawaan.
- Komplikado ang istruktura ng pangungusap.
- Sumusunod sa mga 3-hakbang na direksyon.
- Gumagamit ng balarila na parang pang-adult.
- Maaaring hindi niya maibigkas ang mga sumusunod na tunog: ***r***, ***ch***, ***sh***, ***l***, ***th***, ***s***.

Mag-refer kung ang iyong anak ay. . .

– hindi kayang makipag-usap sa adults o ibang mga bata
– nagsasalita ng mga 'di-kompletong pangungusap
– stutters o nagsasalita nang pautal-utal
– hindi naiintindihan
– hindi nakakasunod sa mga direksyon

tingnan ang likod…